


## MWSS REGULATORY OFFICE

Ang Metropolitan Waterworks and Sewerage System Regulatory Office (MWSS RO) ay binuo noong Agosto 1997 sa bisa ng Concession Agreements na nilagdaan sa pagitan ng MWSS at ng dalawang Konsesyonaryo: Manila Water Company, Inc. para sa East Zone at Maynilad Water Services, Inc. para sa West Zone.

Ang MWSS RO ay tumatayong collegial body na binubuo ng limang (5) Regulators. Ito ay pinamumunuan ng Chief Regulator na may pangkalahatang responsibilidad sa operasyon ng tanggapan, at apat (4) na Deputy Administrators para sa Technical Regulation, Customer Service Regulation, Financial Regulation, at Administration and Legal Affairs.

Mandato ng MWSS RO na subaybayan ang pagtupad ng mga Konsesyonaryo sa kanilang mga obligasyon alinsunod sa Concession Agreement. Kabilang sa mga gampanin ng MWSS RO ay ang pagsusuri, pagsusubaybay, at pagpapatupad ng rates at mga pamantayan sa serbisyo; pagsasaayos at pag-uulat ng independent audits ukol sa pagtupad ng mga Konsesyonaryo sa kanilang mga obligasyon; at pagsusubaybay sa infrastructure assets. Ang mga tungkulin ng MWSS RO ay maaaring magbago sa paglipas ng panahon para sa mabisang regulasyon ng serbisyong patubig at alkantarilya.

# MWSS RO

## PROTEKTAHAN ANG KALUSUGAN AT KALIKASAN SA PAMAMAGITAN NG WASTONG SEPTAGE MANAGEMENT.

#SaveH2OwithMWSSRO

**MAKIPAG-UGNAYAN SA AMIN:**

### MWSS REGULATORY OFFICE

MWSS Compound, Katipunan Road, Balara, Quezon City 1105

- 3435-8900 / 8926-9352
- @MWSS.RO
- @mwssro
- ro.mwss.gov.ph
- mwssregulatoryoffice@ro.mwss.gov.ph

### CUSTOMER SERVICE REGULATION AREA

- 3435-8903 / 8925-6619
- csr@ro.mwss.gov.ph / csrcsmd@gmail.com

### PUBLIC INFORMATION DEPARTMENT

- 3435-8900
- pid@ro.mwss.gov.ph

MWSS RO

Metropolitan Waterworks & Sewerage System Regulatory Office




# REGULAR NA I-DESLUDGE ANG POSO NEGRO PARA SA KALUSUGAN AT KALIGTASAN

# REGULAR NA I-DESLUDGE ANG POSO NEGRO PARA SA KALUSUGAN AT KALIGTASAN




Alam ba ninyo na ayon sa World Health Organization (WHO, 2017), ang marumi at nagamit nang tubig mula sa ating kabahayan ay isa sa mga pinaka-nagdudulot ng polusyon sa katubigan?

Ang maruming tubig na ito ay nagmumula sa ating mga inidoro, drain sa banyo, at lalabo. Kapag hindi tama ang containment at treatment, posible itong maging pollutant o sanhi ng polusyon sa ating mga lawa, ilog, dagat, at iba pang katubigan. Maaari rin itong masipsip ng lupa at mahalo sa groundwater. Ang kontaminadong tubig ay mapanganib sa populasyon, lalo na sa kababaihan at iba pang grupo sa lipunan na kalimitang lantad dito.

Sa Pilipinas, ang septic tank o poso negro ang pangunahing teknolohiyang ginagamit sa paglilinis ng maruming tubig. Ang isang maayos na disenyo ng poso negro ay may dalawang chambers na naghihiwalay sa solid at liquid wastes. Ang solid waste ay lumulubog sa ilalim na bahagi ng unang chamber habang ang liquid waste ay umaagos patungo sa pangalawang chamber, at kalauna'y dumadaloy patungo sa pinakamalapit na drainage system.




## BAKIT KAILANGAN NATING IPA-DESLUDGE ANG ATING MGA POSO NEGRO?

Kapag ang mga poso negro ay hindi regular na nade-desludge, ang solid waste (o sludge) sa isa sa mga chamber nito ay maiipon sa paglipas ng panahon at maaaring magdulot ng backflows at mahirap na pag-drain sa ating inidoro, drain sa banyo, at lababo.

Para mapangalagaan ang kalusugan at kaligtasan ng publiko at kalikasan, nagsasagawa ang Manila Water Company Inc. at Maynilad Water Services, Inc. ng regular na pagde-desludge ng mga poso negro kada lima (5) hanggang pitong (7) taon.

Gumagamit ang Manila Water at Maynilad ng Vacuum Truck Units (VTUs) at Mobile Dewatering Units (MDUs) para i-desludge o tanggalin ang mga naipong solid at liquid wastes (septage) mula sa mga poso negro. Ang mga nakolektang septage ay dinadala sa Septage Treatment Plants (SpTPs) para sumailalim sa kinakailangang treatment processes.

Ang solid portion ng septage ay isinasailalim ng mga accredited service provider sa post-treatment bago ito gamitin o ibenta bilang organic fertilizer o soil conditioner. Samantala, ang liquid portion naman ay sumasailalim sa karagdagang treatment bago ito i-discharge sa ating mga katubigan.




## ANU-ANO ANG MASAMANG EPEKTO NG HINDI REGULAR NA PAGPAPA-DESLUDGE NG ATING MGA POSO NEGRO?

- Pagkasira ng kalikasan (ang untreated wastewater ay maaaring masipsip ng lupa o dumaloy sa mga lagusan ng tubig)
- Kontaminasyon ng mga deepwell na nagsisilbing alternatibong mapagkukunan ng tubig (ang tubig mula sa mga deepwell ay maaaring hindi maging ligtas para gamitin o ikonsumo ng tao)
- Peligro sa pampublikong kalusugan mula sa kontaminadong tubig



Polio
Diarrhea
Sakit sa Balat
Hepatitis A & E
Typhoid Fever
Dysentery
Cholera
Parasitic Infection
Leptospirosis
Malaria
Dengue

**ALAM N'YO BA?**

Ang waterborne diseases o mga sakit na dulot ng pagkonsumo ng kontaminadong tubig ay may mas malalang epekto sa mga buntis kaysa ibang miyembro ng populasyon (Mamaye, 2015).

## PAANO TAYO MAG-AAVAIL NG SERBISYONG DESLUDGING?

Ang regular na serbisyong desludging ay maaaring mapakinabangan ng mga kostumer ng Manila Water at Maynilad sapagka't kasama na ito sa binabayaran nilang water bills kada buwan. Hinihikayat ang mga kostumer na makipag-ugnayan sa Maynilad (hotline 1626) o Manila Water (hotline 1627) upang malaman ang desludging schedule sa kanilang lugar.

Para sa serbisyong desludging na hindi naka-schedule batay sa regular na 5 hanggang 7-taong agwat, maaaring mag-request ang mga kostumer ng nasabing serbisyo sa Manila Water o Maynilad kung kinakailangan, bagamat mayroon itong karagdagang bayad.

May mahalagang gampanin ang bawat isa sa atin sa septage management. Kung ang ating kabahayan ay konektado sa poso negro, regular nating ipa-desludge ang poso negro upang maiwasan ang polusyon sa kalikasan at panganib sa kalusugan na dulot ng untreated wastewater. Bukod dito, mapapakinabangan natin ang binabayaran nating desludging services kada buwan.